



# Bulletin

**Sa isyung ito:** • Mag-ingat sa panlilinlang • Maging handa kapag may mga emergency • Tulong na May Kaugnayan sa Sakuna ng AT&T • Itoly isang gawain sa inside wire • Mga mapagkukunan ng impormasyon para sa consumer telemarketing



## Mga ipinag-uutos na mensahe mula sa California Public Utilities Commission (CPUC, Komisyon ng mga Pampublikong Utilidad ng California)

Mag-ingat sa panlilinlang Naghahanap ng mga tip sa pag-iingat sa panlilinlang? Tingnan ang California Public Utilities Commission website sa [www.CalPhoneInfo.com](http://www.CalPhoneInfo.com).

### Maging handa kapag may mga emergency: Tumulong na panatiliing gumagana at magagamit ang mga telepono

Kapag may mga emergency, mga sakuna (kasama na ang mga wildfire) at kawalan ng kuryente, maaaring maapektuhan ang mga wireless at wireline na serbisyo ng telepono. Kailangan ng AT&T ang tulong ninyo para matiyak na kayo, ang inyong mga mahal sa buhay, mga empleyado, at mga customer ay maaaring patuloy na makipag-ugnayan, at ang mga emergency worker ay makakaasa sa phone system para isaayos ang mga relief effort. Kapag may naganap na lindol, sunog o iba pang mga sakuna, likas na nais tumawag ng mga tao sa isa't isa, pero kapag sabay-sabay na tumawag ang mga tao, nagkakaroon ng overload sa network dahil sa biglaang pagdami ng mga tawag sa telepono. Narito kung paano kayo makapagpadala ng mga mensahe sa pamilya, mga kaibigan, mga empleyado, at mga customer kapag may emergency, habang natitiyak na available ang phone system para sa lahat.

### Bago ang isang sakuna

Pumunta sa [www.ready.gov](http://www.ready.gov) para malaman ang mga karagdagang paraan para makapagtanda sa iba't ibang sakuna.

- Gumawa ng isang plano ng komunikasyon para sa pamilya.
- Tiyaking tuyo at fully charged ang inyong wireless na telepono.
- Tiyakin na mayroon kayong mga pang-emergency na contact number at email address sa wireless na telepono ninyo.
- I-forward ang inyong numero sa bahay o negosyo sa numero ng inyong wireless na telepono (kailangan ang subscription sa Call Forwarding\*) kung kailangan ninyong lumisan sa inyong tirahan o negosyo.

\*Maaaring may ipataw na karagdagang singilin kung ifo-forward ang inyong tawag sa isang hindi lokal na numero.

### Habang may Sakuna

- Mangyaring HUWAG tumawag sa inyong lokal na ("0") o Long Distance ("00") Operator kapag may emergency dahil maaaring magdulot ito ng hindi kinakailangang pagkakaantala sa emergency assistance.
- Tumawag lang sa 911 kung kailangan ninyo ng tulong dahil nasa napipintong panganib ang inyong buhay o ari-arian. Maaari kayong makakuha ng balita at mga update mula sa radio o sa internet. Kapag tumawag kayo sa 911, siguraduhin na:
  - Manatili sa linya at hintaying sumagot ang emergency personnel; huwag ibaba ang telepono at tumawag muli.
  - Agad na sabihin ang emergency.
  - Sagutin ang lahat ng mga tanong sa inyo.
- Maghintay. Kapag may emergency tulad ng isang lindol, ang isang overloaded na network ay maaaring magdulot ng mga pagkakaantala. At iyon ay nangangahulugan na mas matagal bago matapos ang mga tawag. Para malaman kung ikaw ay makakatawag, pakinggan kung may:
  - Normal na dial tone: Tumawag.
  - Walang naririnig: Maghintay ng dial tone; manatili sa linya—kapag ibinaba ang telepono, maaantala ang mga tawag.
  - Mabilis na busy signal (doble ang bilis kumpara sa karaniwan): Subukan ulit mamaya.
  - Isang recording na nagsasabi sa inyong busy ang lahat ng mga circuit: Subukan ulit mamaya.
- Subaybayan ang lokal na balita at impormasyon sa kalagayan ng panahon sa inyong wireless na device.
- Limitahan ang mga pagtawag na hindi pang-emergency.
- Subukang mag-text sa halip na tumawag.
- Magtabi ng isang radyo na pinapagana ng baterya at mga bagong baterya.

## Tulong na May Kaugnayan sa Sakuna ng AT&T

Kung sakaling magkaroon ng state of emergency (kalagayang pang-emerhensya) na idineklara ng Gobernador ng California o Pangulo ng Estados Unidos ng America, ang mga residential at small business na customer ng AT&T sa California na may wireline, VoIP, o wireless na serbisyo ay maaaring karapat-dapat para sa tulong sa consumer. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito at iba pang mga hakbang na ginagawa ng AT&T na may kaugnayan sa mga sakuna, mangyaring bumisita sa [att.com/disasterrelief](http://att.com/disasterrelief).

## Ito'y isang gawain sa inside wire

Iniangat ninyo ang inyong telepono sa bahay o negosyo para tumawag at wala kayong naririnig na dial tone. Kaya't tumawag kayo sa amin para malaman kung may problema - at maaaring may kinalaman ito sa mga wire sa loob ng inyong tirahan o negosyo.

Ang inside wire ay parte ng kable ng telepono na nagkokonekta sa phone jack sa loob ng inyong tirahan o negosyo sa aming network sa labas ng bahay o negosyo ninyo. Kung kayo ay umuupa, ang landlord ninyo ang may pananagutan sa pagkakabit sa isang (1) magagamit na phone jack at pagpapanatiling gumagana nang maayos ang mga kable sa loob.

Paano kung ang mga kable sa loob ng inyong bahay o negosyo ay hindi gumagana nang maayos? Magagawa ninyong...

- Ayusin ang kable nang mag-isa (o talakayin sa landlord ninyo kung umuupa kayo).
- Kumuha ng vendor para ayusin ang kable para sa inyo.
- Tumawag sa aming repair line (611) at hilingin sa aming ayusin ang mga kable ng inyong telepono at mga jack ng telepono. (Idadagdag namin ang labor at gastusin sa mga materyales sa inyong bill.)
- Mag-subscribe sa \*WirePro<sup>SM</sup> Service, isang plano ng proteksyon na sumasaklaw sa mga kable at linya ng telepono sa loob ng bahay ninyo. Sinasaklaw lang ng \*WirePro<sup>SM</sup> ang mga standard na kable at mga jack na gumagana kapag konektado ang inyong serbisyo, nakakatugon at ikinabit ayon sa mga pamantayan na binalangkas ng National Electrical Code at Electronic Industry Association.

Mas gustong technician ang mag-ayos? Maaari kaming mag-iskedyul ng appointment ng serbisyo na may 4 oras na pagitan. Siguraduhin na nasa bahay kayo sa kabuuan ng oras na ito. Para matuto pa, tumawag sa 800.288.2020 para sa serbisyo sa bahay at 800.750.2355 para sa serbisyo sa negosyo.

*\*Ang mga presyo at availability ay maaaring magbago. Mangyaring tumawag sa amin sa 800.288.2020 (serbisyo sa bahay) o 800.750.2355 (serbisyo sa negosyo).*

## Mahalaga sa amin ang privacy ninyo

### Mga mapagkukunan ng impormasyon sa consumer telemarketing

Mayroon kayong mga karapatan sa privacy pagdating sa mga solicitation sa telepono, at maaari ninyong matutunan ang lahat ng ito sa pamamagitan ng kopya ng "Stop Unwanted Robocalls and Texts." Para makuha ang inyong kopya, makipag-ugnayan sa Federal Communications Commission, Consumer and Governmental Affairs Bureau, 445 12th Street, S.W., Washington, D.C., 20554. Tumawag sa 888.225.5322, TTY 888.835.5322 o pumunta sa [www.fcc.gov/consumers/guides/stop-unwanted-robocalls-and-texts](http://www.fcc.gov/consumers/guides/stop-unwanted-robocalls-and-texts).

Kung mayroon kayong aktibong email address, maaari din kayong magsagawa ng mga hakbang para maiwasan ang panlilinlang sa telemarketing at magparehistro (o bawiin ang pagpaparehistro ninyo) sa National Do Not Call Registry online sa [donotcall.gov](http://donotcall.gov). O tumawag sa 888.382.1222 (TTY 866.290.4236) mula sa numero na nais ninyong iparehistro sa do-not-call-list.

©2021 AT&T Intellectual Property. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang AT&T at Globe logo ay mga nakarehistrong trademark AT&T Intellectual Property. Lahat ng ibang tatak-pangkalakal ay pag-aari ng mga naturang may-ari.

 Inilimbag sa resikladong papel.

Iyong wika. Inihahatid. At mahigit 160 pa. Tumawag sa 800.203.8600.



TA Spring Bulletin 4/21